

Pagbabago ng “Patnubay para sa mga Technical Intern Trainees Sa Kanilang Pagsasanay sa Japan”

Alinsunod sa pagpapatupad ng binagong Immigration Control and Refugee Recognition Act sa ika-9 ng Hulyo, 2012, mapapawalang-bisa na ang “Alien Registration System” at iisya ang “Resident Card.” Dahil dito, babaguhin ang nilalaman ng patnubay na ito gaya ng nakalagay sa ibaba.

P 1 2 VI Mga Bagay na Kailangang Alalahanin ng mga Magsasanay Habang Nananatili sa Japan

Luma

3. Ingatan ang Inyong Sariling Pasaporte at Alien Registration Card

Obligado ang mga Technical Intern Trainees na magdala ng pasaporte pagkatapos pumasok sa Japan hanggang bibigyan ng alien registration card. Kapag ibinigay na ang alien registration card, ito ay kailangan ninyong dalhin nang palagi sa halip ng pasaporte. Ang pasaporte ay hindi gagamitin maliban para sa pagpapanibago ng hangganan ng pananatili o sa pagbabago ng kalagayan ng pananatili. Ingatan ninyo nang mabuti ang inyong pasaporte upang hindi ito manakaw.

↓

Bago

3. Ingatan ang Inyong Sariling Pasaporte at Resident Card

Obligado ang mga Technical Intern Trainees na magdala ng pasaporte pagkatapos pumasok sa Japan hanggang makakuha ng Resident Card. Kapag ibinigay na ang Resident Card, ito ay kailangan ninyong dalhin nang palagi sa halip ng pasaporte. Ang pasaporte ay hindi gagamitin maliban para sa pagpapanibago ng hangganan ng pananatili o sa pagbabago ng kalagayan ng pananatili. Ingatan ninyo nang mabuti ang inyong pasaporte upang hindi ito mawala.

Paunawa: Para sa mga Technical Intern Trainees na mayroong Alien Registration Card sa ika-9 ng Hulyo, 2012, ang Alien Registration Card ay ituturing na Resident Card hanggang sa petsa ng expirasyon ng pananatili.